

Mga Madalas Itanong sa Alameda County Responsibility to Community Health (ARCH)-UPDATE NOONG 2/4/2022

1. Sino ang tinutulungan ng programa?

Tinutulungan ng programa ang mga taong:

- Nasa edad na 18 taong gulang o mas matanda.
- Residente ng Alameda County nang hindi bababa sa 6 na buwan.
- Positibo ang pagsusuri sa laboratoryo para sa COVID-19 simula 1/1/2022 o magulang ng nasuring positibo na bata na nasa edad na 17 taon o mas bata simula 1/1/2022.
- Ni-refer ng Case Investigation/Contact Tracing (CI/CT) na mga unit: mga itinalagang katuwang sa komunidad, Lungsod ng Berkeley, o Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County.
- Hindi pa nakatanggap dati ng stipend mula sa ARCH.

2. May linya ba ng telepono o website para mag-apply ng stipend?

Walang online application o referral number para sa pangkalahatang publiko o iba pang mga nagbibigay ng serbisyo.

3. Paano makakapag-apply ang mga tao?

Muli, walang “pampublikong” proseso para mag-apply sa programa ng ARCH.

4. Kailan magsisimula ang programa?

Nagsimula ang programa ng ARCH noong Agosto 24, 2020. Noong 12/23/21 pinahintulutan ng Board of Supervisors (BOS) ng Alameda County ang \$1,500,000 pansamantalang pondo para sa ARCH. Walang garantiya na magpapatuloy ang ARCH kapag naubos na ang pondong ito.

5. May mga itinalaga bang Klinikang Pangkalusugan para sa pagsusuri (testing) para makatanggap ng referral para sa stipend ng ARCH?

Maaaring masuri ang mga residenteng madaling mahawaan ng sakit sa kahit saang lokasyon dahil ang mga lokasyon para sa pagsusuri at ang ARCH screening ay magkahiwalay.

6. Maaari ba akong maging kwalipikado kung tumatanggap ako ng Unemployment o iba pang pinagkukunan ng kita?

Hindi. Hindi kayo kwalipikado para sa programa ng ARCH kung tumatanggap kayo ng sick leave na binabayaran ng employer, Unemployment Insurance Benefits, pagreretiro, Social Security Income (SSI), o katumbas na mga benepisyo tulad ng Social Security Disability Insurance (SSDI) sa panahon ng mandatoryong pag-isolate.

7. Magiging kwalipikado ba ako kung mayroon akong sick leave na binabayaran ng employer?

Hindi. Kung kwalipikado kayo at tumatanggap kayo ng anumang uri ng sick leave na binabayaran ng employer, hindi kayo kwalipikado para sa programa ng ARCH.

8. Makakaapekto ba ang katayuan sa imigrasyon para maging kwalipikado sa programa?

Hindi. Hindi ibinabatay sa katayuan sa imigrasyon para maging kwalipikado sa programa.

9. Magiging kwalipikado ba akong sumali sa programa kung na-lay off o na-furlough ako, pero hindi nasuring positibo para sa COVID-19?

Hindi. Ang pagiging kwalipikado para sa programa ng ARCH ay ibinabatay sa isang positibong pagsusuri para sa COVID-19 bukod pa sa mga pamantayan ng pagiging kwalipikado na nasa itaas.

10. Retroactive ba ang stipend?

Ang petsa ng pagsisimula ng pagiging kwalipikado sa programa ay 1/1/2022.

11. Gaano katagal akong makakatanggap ng stipend?

Isang beses na pagbabayad lang ang stipend.

Mga Madalas Itanong sa Alameda County Responsibility to Community Health (ARCH)-UPDATE NOONG 2/4/2022

- 12. Paano ko makatanggap ang stipend?** Ibibigay ang mga stipend sa pamamagitan ng tseke.
- 13. Kung may sakit pa rin ako pagkalipas ng 2 linggo, makakakuha ba ako ng pangalawang bayad na stipend?**
Hindi. Ang programa ng pagbibigay ng stipend ay para sa dalawang linggo lang. Hindi bibigyan ng konsiderasyon ang mga pagpapalawig.
- 14. Hinihintay ko ang resulta ng aking pagsusuri. Sinabi nila sa akin na hindi ako dapat pumasok sa trabaho hangga't hindi ko natatanggap ang resulta ng aking pagsusuri. Kwalipikado ba ako para makatanggap ng stipend?**
Hindi. Magsisimula ang pagiging kwalipikadong makatanggap ng stipend kapag nakatanggap ang indibiduwal ng positibong resulta sa pagsusuri para sa COVID-19. Para sa muling pagsisimula ng takdang panahon na ito, magsisimula ang pagiging kwalipikado sa petsa ng positibong resulta sa pagsusuri na 1/1/2022.
- 15. Ang stipend ba ay taxable income?**
Hindi. Ang mga stipend ay hindi taxable income.
- 16. Ibabahagi ba ang aking impormasyon sa ibang ahensiya ng gobyerno?**
Hindi. Ang lahat ng impormasyong ibinigay para matukoy ang pagiging kwalipikado para sa programa ng ARCH ay kumpidensyal at hindi ito ibabahagi sa anumang entity sa labas bukod sa tinukoy na mga kalahok na ahensiya ng County, ang Lungsod ng Berkeley, at ang mga katuwang sa komunidad sa ngayon.
- 17. Kailangan ba may trabaho ako para makatanggap ng stipend?**
Hindi. Hindi kinakailangan ang pagkakaroon ng trabaho para maging kwalipikado sa programa; gayunpaman, ang lahat ng kwalipikadong miyembro ng sambahayan na nasa hustong gulang ay dapat positibo ang resulta para sa COVID-19 at matugunan ang lahat ng pamantayan para maging kwalipikado sa programa.
- 18. Wala akong tirahan at nasuri akong positibo para sa COVID-19. Paano ako makatanggap ng stipend?** Ang mga kwalipikadong aplikante ng ARCH na walang tirahan ay kinakailangang ihiwalay (isolate) ang sarili ng hindi bababa sa 10 araw bago sila maging kwalipikadong tumanggap ng stipend.
- 19. Kung wala akong tirahan at mag-i-isolate ako sa isang hotel bukod sa Operation Comfort hotel na pinatatakbo ng Alameda County, magiging kwalipikado ba akong tumanggap ng stipend?**
Hindi. Sa ngayon, limitado ang pag-isolate ng sarili sa mga COVID isolation hotel ng Operation Comfort na pinatatakbo ng Alameda County.
- 20. Kukumpletuhin ba ang provider ng Case Investigation/Contact Tracing (CI/CT) Unit ang mga application para sa bawat nasa hustong gulang sa sambahayan?**
Oo. Kukumpletuhin ng mga Resource Navigator mula sa mga katuwang sa komunidad, Lungsod ng Berkeley, o ng mga CI/CT Unit ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County ang application para sa ARCH sa bawat nasa hustong gulang na positibo sa COVID-19 (ayon sa kukumpirmahin ng pagsusuri sa laboratoryo) na nakatira sa bahay para malaman ang pagiging kwalipikado sa programa.

Madalas Itanong sa Alameda County Responsibility to Community Health (ARCH)-UPDATE NOONG 2/4/2022

21. Kung mahigit sa isang pamilya ang nakatira sa bahay, limitado ba sila sa isang stipend?

Hindi. Kung masusuring positibo sa COVID-19 ang maraming nasa hustong gulang na nakatira sa isang bahay, kakailanganing magsumite ng hiwalay na referral sa programa ng ARCH para sa bawat nasa hustong gulang na positibo sa COVID. Tinutukoy ang pagiging kwalipikado sa programa ng ARCH ayon sa bawat kaso.

22. Salik ba ang kasal para sa pagiging kwalipikado?

Hindi.

23. Nakatira ako kasama ng ibang mga nasa hustong gulang na positibo sa COVID-19.

Dapat ba silang isama sa aking application sa ARCH?

Hindi. Lalabag ito sa Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPPA). Ang bawat kwalipikadong indibiduwal ay magkakaroon ng sarili nilang application na isusumite.

24. Nakatanggap ako ng positibong pagsusuri para sa COVID-19 sa pamamagitan ng aking doktor sa pangunahing pangangalaga (primary care physician). Kailangan ko bang sumailalim sa isa pang pagsusuri ng COVID sa isa sa mga tinukoy na katuwang sa pangangalagang pangkalusugan para maging kwalipikado sa stipend ng ARCH?

Hindi. Maaaring masuri ang mga residenteng madaling mahawaan ng sakit sa kahit saang lokasyon dahil ang mga lokasyon para sa pagsusuri at ARCH screening ay magkahiwalay.